# Ang FEMA ay Hiring sa Florida

**Release Date: Oktubre 27, 2023**

**LAKE MARY, Fla.** – Halina’t magtrabaho para sa FEMA at tulungan ang iyong komunidad na makabawi mula sa mga kamakailang sakuna.

Ang FEMA ay nagsasagawa ng lokal na hiring para sa 29 na posisyon sa Gainesville at Lake Mary. Ang ahensya ay naghahanap ng mga taong may karanasan sa lohistika, mapanagutang pag-aari, pag-order at pagsasama ng datos, bukod sa iba pang mga kategorya ng trabaho. Ang mga empleyado ay magsisilbi sa mga operasyon ng pagbawi sa sakuna para sa Bagyong Ian, Bagyong Nicole, Bagyong Idalia at pagbaha sa Broward County. Maraming empleyado ng FEMA ang nagsimula ng kanilang mga karera sa pangangasiwa ng emerhensya, sa pamamagitan ng pagtulong sa kanilang mga komunidad na makabawi mula sa sakuna.

Itong mga posisyon ay full-time, hanggang 120-araw na mga appointment na maaaring pahabain depende sa pangangailangan sa operasyon.

Ang mga Lokal na Hire na empleyado ng FEMA ay karapat-dapat para sa mga sumusunod na benepisyo:

- Seguro sa kalusugan para sa indibidwal o pamilya na saklaw. Ang kontribusyon ng tagapag-empleyo ay 75% ng premium. Ang mga lokal na hire na empleyado ay kwalipikado para sa pagpapatala sa saklaw ng seguro sa kalusugan mula ng opisyal na petsa ng pag-hire/petsa ng empleyo sa FEMA.
- Nababaluktot na mga account sa paggastos
- Pederal na seguro sa pangmatagalang pangangalaga
- Kakayahan na kumita ng 4-oras ng bayad na sick leave kada panahon ng sahod
- Bayad sa bakasyon
- Kompensasyon ng mga Manggagawa

Ang mga aplikante ay dapat mga mamamayan ng Estados Unidos, 18 taong gulang o mas matanda, at mayroong diploma sa mataas na paaralan o GED. Ang mga indibidwal ay kinakailangang pumasa ng isang imbestigasyon sa background

na kinabibilangan ng pagkuha ng bakas ng daliri at pagsusuri sa kredito, makagamit ng kanilang transportasyon papunta sa trabaho at pabalik at tumira sa loob ng 50 milya mula sa opisina ng empleyo. Ang tuluyan at pagkain ay hindi sasaklawin o irereimburse (ibabalik ang pinangbayad) ng ahensya. Ang mga empleyado ay kinakailangang ding lumahok sa mandatoryong direktang deposito/elektronikong paglilipat ng pondo para sa pagbayad ng suweldo.

**Paano mag-apply**: Ang mga interesadong kandidato ay hinihikyat na mag-apply sa online sa pamamagitan ng USAJobs.gov. Habang nagbabago ang mga pangangailangan sa operasyon sa sakuna, ang mga bagong posisyon ay ipo-post sa USAJobs**. Ang mga kandidato ay maaaring maabisuhan kapag mag-post ng Lokal na Hire na mga posisyon ang FEMA.** Maaari kang mag-save ng paghahanap upang matulungan kang maghanap ng trabaho sa iyong kinaiinteresan sa pamamagitan ng USAJobs. Para sa mga tagubilin, mangyaring bisitahin ang: USAJOBS Sentro ng Tulong | Paano mag-save ng paghahanap.

.